Ang Karapatang Sibil

Ang United States Constitution ay nagsasaad na bigyang proteksiyon at Civil Rights ang bawat mamamayan ng America. At kung kinakailangang ipaglaban ng isang mamamayan ang karapatang ito upang magkaroon ng tamang pagkatrato, ay dapat gawin.

Anu-ano ang aking karapatang sibil/civil rights bilang isang imigrante?

Ang mga sumusunod na karapatan ay nagbibigay proteksiyon sa lahat ng mamamayan ng America, maging sinuman ito, legal na residente, U>S> citizen o walang dukomento.

- **Ang karapatang humingi ng pagbabago – Ang First Ammendment ng U.S. Constitution ang nagbibigay proteksiyon sa karapatan ng isang grupo o indibiduwal na naglalayong humiling ng pagbabago sa batas, government practices at maging ng form of government.**
- **Ang karapatang manahimik** – Isinasaad ng Fifth Amendment ng Konstitusyon na may karapatang manahimik ang isang tao na nahaharap sa pagtatanong ng pulis o ahente ng gobyerno.
- **Ang karapatang huwag masaliksikan o makunan ng pagaari ng walang batayan/"unreasonable searches and seizures"** – Ang Fourth Amendment ay nagsasaad na bawal sa kahit sinog pulis o ahente ng gobyerno na magsaliksik sa iyong tahanan ng walang isinisilbing warrant.

Anong aking gagawin kung may mga ahente ng gobyerno na magtatanong sa akin?

Ang anumang sasabihin mo sa pulis, FBI o INS ay maaring gamitin laban sa iyo at sa iba pa sa korte. Kung kaya't maliban sa iyong pangalan at tirahan ay huwag ng magsasabi pa ng ibang detalye sapagkat HINDI ka obligadong magsalita kaninuman at saan man kung ikaw ay naaresto o nasa kulungan.

Paano kung magsasalita ako sa pulis?

Tandaan na ang anumang sasabihin mo sa pulis ay maaring gamitin laban sa iyo at sa iba pang kasamahan. Ang pagsisinungaling ay isang krimen.

Paano kung ang pulis ay may search warrant?

Kahit pa may search warrant ang isang pulis ay may karapatan kang manatiling tahimik. Ang Huwes lamang ang may karapatang utusan kang magsalita sa luob ng korte.

Kung ikaw ay natatakot ay may karapatan ka ring sabihin na makipagusap sila sa iyong abogado. Kung wala ka pang abogado ay maari kang makipagugnayan sa SIREN's Immigrant Assistance and Information hotline o kaya ay sa Santa Clara County Lawyer Referral Line upang humingi ng tulong.

Paano kung sa kalsada ako pinahinto?

Itanong sa pulis kung bakit ka pinatigil. Itanong din kung ikaw ba ay inaaresto o maari kang umalis. Kung sinabi nilang hindi ka aarestuhin ay sabihin agad na ayaw mong magpatuloy ng pakikipaguasap sa kanila at may iba ka pang dapat gawin. Pagkatapos ay umalis agad.

Paano kung pinahinto ako habang nagmamaneho?

Ipakita sa pulis ang iyong lisensya, registro ng sasakyan at proof of insurance. May karapatan kang tanggihan ang kanilang pagsaliksik sa iyong kotse. Subalit may mga pagkakataon na maari pa ring magsaliksik ang mga pulis sa iyong sasakyan kahit wala kang pahintulot kung may katuwiran sila.

Naaresto na ako. Dapat ba akong sumagot sa mga katanungan?

Hindi. Kung ikaw ay inaresto ay may karapatan kang huwag magsalita at humingi kaagad ng isang abogado.

Ano ang aking gagawin kung ang isang government agent ay nais magsaliksik sa aking bahay?

Hindi ka dapat magpapasok ng pulis o awtoridad sa iyong bahay ng walang search warrant o arrest warrant. Kung may search warrant silang sinasabi ay dapat na:

- **Hingiin at basahin na maige ang sinasaad sa warrant. Kailangan ay nakasaad ditto kung alin ang kanilang sasaliksikin at kukunin at maliban dito ay wala ng iba pa.**
- **Ipaalam sa kanila na hindi ka sang-ayon sa pagsaliksik nila. Dahil dito ay mananatili sila sa limitasyong nasasaad sa warrant.**
- **May karapatan kang tignan ang kanilang ginagawa at isulat sa isang papel ang kanilang pangalan, badge numbers at kung saan ahensiya sila nakaugnay. Magkaroon ng isa o dalawang witnesses at ibigay ito sa iyong abogado. Ang isang warrant ay hindi nagbibigay sa kanila ng katuwirang tanungin ka.**

Paano kung tinatakot ako o kaya ay biktima ako ng hate crime?

May batas na nagbibigay proteksiyon sa mga taon biktima ng hate crime o hate incidents. Ipaalam agad ito sa : The Immigrant Q & A Information Line:

(408) 286-1698 (Spanish/English),
(408) 286-1448 (Vietnamese/English),
(408) 286-5680 x108 (Farsi/English) and
(408) 286-5680 x109 (Chinese/English).

Also, the Anti-Hate Hotline: 408-279-0111 or Hate Free Communities, Delorme McKee-Stovall: (408) 792-2304. (See pg. 97 on Hate Crimes)

Paano kung hindi ako isang lehitimong mamamayan ng U.S.?

- **Hindi kailangang ibunyag ang tunay na kalagayan o kung sang bansa ipinanganak sa INS o sa pulis man. Manatiling tahimik.**
- **Kung ikaw ay isang dayuhan at naaresto ka dito sa America, may karapatan kang tumawag sa iyong consulate upang ipaalam ang pagka-aresto sa iyo.**
  Huwag makikipagusap sa INS kahit sa telepono hanggat hindi ka pa nakapagkunsulta sa isang immigration lawyer. Tumawag sa National Lawyers Guild o kaya ay sa Immigration Q & A Information Line.

Ano ang Racial Profiling?

Ang tinatawag na Racial Profiling ay kung ang pulis, FBI of iba pang awtoridad ng gobyerno ay magsasaliksik o magiimbistiga ng dahil sa iyong lahi, kaugalian o relihiyon/race, ethnicity or religion. Kung inaakala mong ikaw ay biktima ng racial profiling, tumawag agad sa ACLU toll free hotline: 1-877-6-PROFILE at maghain ng reklamo.

Alamin at Igiit ang karapatan

Lahat ng hindi U.S. citizen ay may karapatang:

- Makipagusap muna sa abogado bago lumagda sa anumang dokumento.

- Na makipagkita sa Immigration Judge.
- Ang magsama ng sariling abogado sa anumang pakikipagusap o panayam sa INS (subalit ito ay sa sarili mong pgababayd)
- May karapatan kang makapagpiyansa para pansamantalang makalaya.

Kailangang ipaglaban mo ang iyong karapatang ito dahil maari kang ma-deport ng walang kalaban-laban at hindi man lamang naipagtatanggol ng isang abogado o judge. At kung sakaling ma-deport ay magkakaroon ito ng malaking batik sa muli mong pagbabalik sa America at maaring hindi na muling makabalik pa. Tumawag sa mga numero sa ibaba upang malaman ang mga huling pagbabago o updates tungkol sa civil rights.

American Civil Liberties Union (ACLU)

Tel: (212) 549-2500

American-Arab Discrimination Committee (ADC)

Tel: (202) 244-2990

Asian American Legal Defense and Education Fund

(212) 966-5932

National Lawyers Guild

(212) 505-9119

U.S. Commission on Civil Rights
Tel: (800) 552-6843

Services, Immigrant Rights and Education Network (SIREN)
778 N. First St., San Jose, Ca 95112

Immigrant Assistance & Information Lines:

Spanish - (408) 286-1698
Vietnamese (408) 286-1448
Farsi (408) 286-5680 x108
Chinese (408) 286-5680 x109
Website: www.siren-bayarea.org
Mga Serbisyo Impormasyon at reperal tungkol sa benepisyong pampubliko, edukasyon pangkomunidad at mga pagbabago sa batas. Mga pagsasanay at technical assistance sa imigrasyon at iba pang bagay.

AIDS Legal Services
111 e. St. John St., Ste. 315
San Jose, Ca 95113
Languages: Spanish, English, AT & T Language Line
Mga Serbisyo: Ma proyeko ay
AIDS Legal services and advocacy- direktang pagtulong sa mga taong may sakit na AIDS at HIV
Fair Housing Law Project: karapatan sa housing r
LACY: Pagtulong sa mga bata, batas sa edukasyon, guardianship, mga homeless at runaway na mga bata, mga buntis na youth at parenting lessons sa mga musmos at menor de edad.
Mental Health Advocacy Project: Tumutulong sa pagkuha ng mental health services.